



Harmandad de Sagrada Eucaristia
Latin Mass Society of Cavite ©2022

Kilusan ng Misang Latin sa Lalawigan ng Cavite

Comision Para sa Pagsasalin

KAPISTAHAN NG ATING PANGINOONG HESUKRISTO HARI NG SANSINUKOB

Misa "Dignus est Agnus"

• I cl. • Doble I cl. • Puti

Maiksing Pagninilay

Ang kapistahan na ito ay itinatag ni Papa Pio XI noong 1925 bilang panlaban sa nagbabadyang maling turo na kung tawagin ay sekularismo. Ito ay kung saan namumuhay ang isang indibidwal na wala nang kinkikilalang Dios. Kaya, ang layunin ng naturang kapistahan ay ipahayag sa lahat ng dako ang Paghahari ni Kristo sa tanang nilikha: ikaw, tayo, ang ating pamilya, lipunan, mga pamahalaan at mga bansa.

Sa ating Misa ngayon, inilalahad ang uri ng paghahari ni Hesukristo. Ang paghahari Niya ay sumasakop sa lahat ng mga namumuno sa lupa, magpakailanman, at higit sa lahat, "hindi tulad sa mundong ito." Sa lumang kalendaryo ng Simbahan, ipinagdiriwang ito tuwing Huling Linggo ng Oktubre, malapit sa Pista ng Lahat ng mga Banal.

Mga kapatid, sana, ang ating buhay ay tunay na pinaghaharian ni Kristo. Ang nais Niya ay ang tanang pagmamahal natin sa Kaniya. Kung ang iluluklok natin sa ating mga puso si Kristo at hindi ang mga makamundong bagay, tiyak na makikita ninuman ang mukha ni Hesukristo sa iyo. Alisin na natin ang mga balakid at isulong natin ang paghahari ni Kristo.

ANG PAGHAHANDOG NG SANGKATAUHAN SA KAMAHAL-MAHALANG PUSO NI HESUS

Katamistamisang Jesús, Mananakop ng sangkatauhan, tingnan Mo kami na nagpapatirapa nang buong kapakumbabaan sa harap ng Iyong altar: kami'y Iyo at ibig naming maging Iyo: at nang upang mabuhay sa nakikiisang mahigpit sa Iyo, umaalay kaming lahat sa araw na ito sa Iyong Kamahalmahalang Puso. Marami, sa kasawiangpalad, kailanma'y hindi nakakakilala sa Iyo: marami, sa pagpapawalang-halaga ng Iyong mga utos, ay nagtaksil sa Iyo, ¡O Jesús na kalunus-lunos! mahabag Ka po sa kanila, at akitin Mo silang lahat sa iyong kamahal-mahalang Puso.

¡O Panginoon!, maghari Ka po, hindi lamang sa mga tapat na anak na kailanma'y hindi po lumayo sa Iyo, kundi gayundin sa mga nag-alibughang nagpaubaya sa Iyo; gawin Mo na madaling bumalik sila sa bahay-ama, upang huwag mamatay sa gutom at kahirapan.

Maging Hari ka nawa niyaong dahilan sa udyok ng kaaliwan at ng pagsasamaan ng loob, ay namumuhay nang hiwalay sa Iyo; ibalik Mo po sila sa dalampasigan ng katotohanan at pagkakaisa ng pananampalataya, upang sa madaling panahon ay maging isa na lamang ang rebaño na pamamahalaan ng iisang pastor.

Maghari Ka sa mga nananatili pa hanggang ngayong nababalot sa kadiliman ng idolatría (pagsamba sa mga hindi tunay na dios) o Islamismo; marapatin Mo na nga pong akitin lahat sa Iyong kaharian. Sa katapusan, titigan ng mga mata Mo ang bayan na noong unang dako'y naging pinakamamahal Mong Anak: (palukuban Mo din sila sa binyag ng kaligtasan at ng kabuhayan, ang Dugo noo'y sumusulak laban sa kanila).

Pagkalooban Mo po, ¡o Panginoon!, ng katatagan at kalayaang matibay ang Iyong Santa Iglesia: igawad sa lahat ng mga bayan ang katahimikan sa kahusayan: gawin Mo na sa magkabilabilang panig ng lupa'y wala nang marinig kundi itong tinig: Purihin nawa ang Pusong Mahal ni Jesús, mula ng ating kagalingan, sa Kanya ipatungkol ang awit ng karangalan at kaluwalhatian sa lahat ng panahon ng mga panahon. *Siya nawa.*

Puso ni Hesus, buhay at pagkabuhay naming magmulì,*

Puso ni Hesus, handog dahil sa aming kasalanan,*

Puso ni Hesus, Kagalingan ng mga nananalig sa Iyo,*

Puso ni Hesus, Pag-asa ng lahat ng namamatay sa Iyong grasiya,*

Puso ni Hesus, Ligaya ng lahat ng mga santos,*

Kordero ng Dios, na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan,

patawarin Mo kami, Panginoon.

Kordero ng Dios, na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan,

pakinggan Mo kami, Panginoon.

Kordero ng Dios, na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan,

kaawaan Mo kami, Panginoon.

V. Hesus, maamo at mababang loob.

R. **Gawin Mo na ang Puso namin ay matulad sa Puso Mo.**

Manalangin tayo. — Dios na makapangyarihan at walang hanggan, lingapin Mo ang puso ng Iyong pinakamamahal na Anak at ang mga pagpupuri at kabayaran inihain sa iyo sa ngalan ng mga makasalanan, ipagkaloob mong malubag ang kapatawaran sa mga nagmamakaawa sa Iyo sa ngalan ni Jesucristong Anak Mo. Siyang nabubuhay at naghahari kasama Mo at ng Espiritu Santo, magpasawalang hanggan. *R.* **Amen.**

Cor Iesu, vita et resurrectio nostra,*

Cor Iesu, victima peccatorum,*

Cor Iesu, salus in te sperantium,*

Cor Iesu, spes in te morientium,*

Cor Iesu, deliciae Sanctorum omnium,*

Agnus Dei, qui tollis peccata mundi, **parce nobis, Dómine.**

Agnus Dei, qui tollis peccata mundi, **exáudi nos, Dómine.**

Agnus Dei, qui tollis peccata mundi, **misérere nobis.**

V. Iesu mitis et húmilis Corde.

R. **Fac cor nostrum secúndum Cor tuum.**

Orémus. — Omnípotens sempitérne Deus, réspice in Cor dilectíssimi Fílii tui et in laudes et satisfactíones, quas in nómine peccatórum tibi persólvit, ísque misericórdiam tuam peténtibus, tu véniam concéde placátus in nómine eiúsdem Fílii tui Iesu Christi: Qui tecum vivit et regnat in unitáte Spíritus Sancti Deus per ómnia sæcula sæculórum.

R. **Amen.**

ANG MISA

PAMBUNGAD NA ANTIPONA • *Pah 5:12; 1:6*

DIGNUS est Agnus, qui occísus est, accípere virtútem, et divinitátem, et sapiéntiam, et fortitúdinem, et honórem. Ipsi glória et impérium in sæcula sæculórum. — *Ps 71:1* Deus, judícium tuum Regi da: et justítiam tuam Fílio Regis. *V.* Gloria Patri. Dignus.

KARAPAT-DAPAT ang Korderong pinatay, upang tumanggap ng lakas, yaman, karunungan, kapangyarihan, karangalan, kaluwalhatian at pagpapala. Sa kaniya ibigay ang kadakilaan at kapangyarihan kailanman! — *Salmo 71:1* O Dios, ipagkaloob mo sa hari ang iyong kahatulan; at ang iyong katarungan sa iyong anak na Hari. *V.* Luwalhati sa Ama. — Karapat-dapat...

▪ *Aawitin ang Gloria in Excelsis Deo* (Luwalhati sa Dios)

PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)*

OMNIPOTENS sempitérne Deus, qui in dilécto Fílio tuo, universórum Rege, ómnia instauráre voluísti: concéde propítius; ut cunctæ famíliæ géntium, peccáti vúlnerē disgregátæ, ejus suavíssimo subdántur império. Qui tecum vivit.

MAKAPANGYARIHAN at walang hanggang Dios, niloob mong magbagong-anyo ang lahat ng bagay sa pamamagitan ng iyong Anak na Mahal, ang Hari ng sansinukob. Ipagkaloob mo na ang iyong mga anak ay maligtas sa pang-aalipin ng masama, upang ang lahat ay mapasaiyong ganap. Siyang nabubuhay at naghahari...

* *Sa Mas Nakakatandang Uso ng Rito Romano (pre-55), gugunitain ang Misa ng Linggo sa lahat ng Misa ngayong araw. Sa Misal ng 1962, walang paggunita ng naturang Linggo.*

PAGBASA • *Col 1:12-20*

Pagbasa mula sa sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Colosas.

MGA KAPATID: Lagi kayong magpasalamat sa Dios Ama sapagkat minarapat niyang makabahagi tayo sa mga pangako ng Dios para sa mga hinirang na nasa liwanag. Iniligtas niya tayo sa kapangyarihan ng kadiliman at inilipat sa kaharian ng kanyang minamahal na Anak. Sa pamamagitan niya ay napalaya tayo, samakatuwid ay pinatawad ang ating mga kasalanan sa pamamagitan ng kanyang dugo. Si Cristo ang larawan ng Dios na di-nakikita. Siya ang panganay na anak at pangunahin sa lahat ng mga nilikha. Sa pamamagitan niya ay nilikha ang lahat ng nasa langit at nasa lupa, nakikita man o hindi, pati ang mga espirituwal na

kapangyarihan, paghahari, pamamahala, at pamumuno. Ang lahat ay nilikha ng Dios sa pamamagitan niya at para sa kanya. Siya ang una sa lahat, at ang buong sansinukob ay nananatiling nasa kaayusan sa pamamagitan niya. Siya ang ulo ng iglesya na kanyang katawan. Siya ang pasimula, siya ang panganay na binuhay mula sa kamatayan, upang siya'y maging pangunahin sa lahat. Sapagkat minarapat ng Dios na ang buo niyang kalikasan ay manatili sa Anak, at sa pamamagitan ng Anak, niloob ng Dios na ang lahat ng bagay, maging sa langit o sa lupa ay ipagkasundo sa kanya. Nakamtan ang kapayapaan sa pamamagitan ng dugo ng kanyang Anak na inialay sa krus. — **R. Salamat sa Dios.**

PANINGIT NA AWIT (GRADUAL) • Ps 71:8, 78:11; Dan 7:14

DOMINABITUR a mari usque ad mare, et a flumine usque ad terminos orbis terrarum.

V. Et adorabunt eum omnes reges terræ: omnes gentes servient ei.

Allelúia, allelúia. **V.** Potestas ejus, potestas æterna, quæ non auferetur: et regnum ejus, quod non corrumpetur. **Alleluia.**

MAMUMUNO siya sa lahat ng mga karagatan, at mula sa lahat ng mga ilog, hanggang sa mga dulo ng sanlibutan.

V. Sasambahin siya ng lahat ng mga hari: paglilingkuran siya ng lahat ng bansa.

Aleluya, aleluya! **V.** Ang kaniyang paghahari at kapangyarihan ay hindi lilipas sa kaniya; ang kaniyang kaharian ay hindi masisira. **Aleluya.**

EBANGHELYO • Jn 18:33-37

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Juan.

NOONG PANAHONG IYON: Muling pumasok si Pontio Pilato sa palasyo at ipinatawag si Jesus. “Ikaw ba ang Hari ng mga Judio?” tanong niya. Sumagot si Jesus, “Galing ba sa sarili mo ang tanong na iyan, o may ibang nagsabi sa iyo tungkol sa akin?” Tugon ni Pilato, “Sa tingin mo ba’y Judio ako? Ang mga kababayan mo at ang mga punong pari ang nagdala sa iyo rito. Ano ba ang ginawa mo?” Sumagot si Jesus, “Ang kaharian ko’y hindi sa sanlibutang ito. Kung sa sanlibutang ito ang aking kaharian, ipinaglaban sana ako ng aking mga tauhan upang hindi maipagkanulo sa mga Judio. Ngunit hindi mula sa sanlibutang ito ang aking kaharian!” “Kung ganoon, isa ka ngang hari?” sabi ni Pilato. Sumagot si Jesus, “Ikaw na ang nagsasabing ako’y hari. Ito ang dahilan kung bakit ako ipinanganak at naparito sa sanlibutan, upang magpatotoo tungkol sa katotohanan. Nakikinig sa aking tinig ang sinumang nasa katotohanan.” — **R. Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

▪ **May Credo o Sumasampalataya.**

Puso ni Hesus, na tinatahanan ng buong Pagka-Dios, *

Puso ni Hesus, na lubhang kinalulugdan ng Ama, *

Puso ni Hesus, na sa Iyong kasaganaan ay nakikinabang kaming lahat, *

Puso ni Hesus, na pinagkakapisanan ng dilang kayamanan ng karunungan at kaalaman, *

Puso ni Hesus, na pinagnaisan ng mga burol na walang hanggan, *

Puso ni Hesus, na lubhang kinalulugdan ng Ama, *

Puso ni Hesus, kayamanan ng tanang tumatawag sa Iyo, *

Puso ni Hesus, na pinagnaisan ng mga burol na walang hanggan, *

Puso ni Hesus, na matiisin at lubhang maawain, *

Puso ni Hesus, na tigib ng karuwahaginan, *

Puso ni Hesus, Bukal ng kabuhayan at kabanalan, *

Puso ni Hesus, panlubag ng galit ng Dios dahil sa aming kasalanan, *

Puso ni Hesus, na nagkawindang-windang dahil sa aming mga kasalanan, *

Puso ni Hesus, Batis ng dilang kaaliwan, *

Puso ni Hesus, na nagmasunurin hanggang sa kamatayan, *

Puso ni Hesus, na Pinaglagusan ng isang sibat, *

Puso ni Hesus, Batis ng dilang kaaliwan, *

Cor Iesu, virtutum omnium abyssus, *

Cor Iesu, omni laude dignissimum, *

Cor Iesu, rex et centrum omnium cordium, *

Cor Iesu, in quo sunt omnes thesauri sapientiae et scientiae, *

Cor Iesu, in quo habitat omnis plenitudo divinitatis, *

Cor Iesu, in quo Pater sibi bene complacuit, *

Cor Iesu, de cuius plenitudine omnes nos accepimus, *

Cor Iesu, desiderium collium aeternorum, *

Cor Iesu, patiens et multae misericordiae, *

Cor Iesu, dives in omnes qui invocant te, *

Cor Iesu, fons vitae et sanctitatis, *

Cor Iesu, propitiatio pro peccatis nostris, *

Cor Iesu, saturatum opprobrii, *

Cor Iesu, attritum propter scelera nostra, *

Cor Iesu, usque ad mortem oboediens factum, *

Cor Iesu, lancea perforatum, *

Cor Iesu, fons totius consolationis, *

Sa mga kapistahan ng Mahal na Puso ni Jesús at Cristong Hari, idagdag ang Pithaya o Letania ng Mahal na Puso ni Jesús:

LETANIA NG MAHAL NA PUSO NI HESUS

Panginoon, maawa ka sa amin.

Kristo, maawa ka sa amin.

Panginoon, maawa ka sa amin.

Kristo, pakinggan mo kami.

Kristo, paka-pakinggan mo kami.

Dios Ama sa langit,

*** maawa ka sa amin.**

Dios Anak, tumubos

sa sanlibutan, *

Dios Espiritu Santo, *

Banal na Santatlo, iisang Dios, *

Puso ni Hesus, Anak ng Amang

Walang Hanggan, *

Puso ni Hesus, na nilalang ng

Espiritu Santo sa tiyan ng isang

Birhen, *

Puso ni Hesus, na nalangkap na

lubos sa verbo ng Dios, *

Puso ni Hesus, na walang hanggan

ang Kamahalan, *

Puso ni Hesus, Banal na Templo ng

Dios, *

Puso ni Hesus, Tabernakulo ng

Kataasang Dios, *

Puso ni Hesus, Bahay ng Dios at

Pinto ng langit, *

Puso ni Hesus, maalab na hurno ng

pag-ibig, *

Puso ni Hesus, balong malalim ng

lahat ng Kabanalan, *

Puso ni Hesus, na Karapat-dapatan

sa lahat ng Pagpupuri, *

Kyrie, eleison.

Christe, eleison.

Kyrie, eleison.

Christe, audi nos.

Christe, exaudi nos.

Pater de caelis, Deus,

*** miserere nobis.**

Fili, Redemptor mundi, Deus, *

Spiritus Sancte, Deus, *

Sancta Trinitas, unus Deus, *

Cor Iesu, Filii Patris aeterni, *

Cor Iesu, in sinu Virginis Matris a

Spiritu Sancto formatum, *

Cor Iesu, Verbo Dei substantialiter

unitum, *

Cor Iesu, maiestatis infinitae, *

Cor Iesu, templum Dei sanctum, *

Cor Iesu, tabernaculum Altissimi, *

Cor Iesu, domus Dei et porta caeli, *

Cor Iesu, fornax ardens caritatis, *

Cor Iesu, iustitiae et amoris

receptaculum, *

Cor Iesu, bonitate et amore plenum, *

ANTIPONA SA PAG-AALAY • Ps 1:3

POSTULA a me, et dabo tibi
gentes hereditatem tuam, et
possessiónem tuam términos
terræ.

HUMINGI kayong lahat sa akin, at ibibigay ko
ang tanang mga bansa bilang iyong pamana, at
ang buong sanlibutan bilang iyong angking
tunay.

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

HOSTIAM tibi, Dómine,
humánæ reconciliatiónis
offérimus: præsta, quæsumus;
ut, quem sacrificiis præsentibus
immolámus, ipse cunctis
géntibus unitátis et pacis dona
concédât, Jesus Christus Fílius
tuus, Dóminus noster. Qui
tecum vivit.

INIAALAY namin sa iyo, Panginoon, ang
handog na ito bilang tanda ng aming
pakikipagkasundo sa iyo. Isinasamo namin sa
iyo na ang lahat ng mga bansa ay pagkalooban
sana ng kapayapaan at pagkakakaisa: ng iyong
Anak, ang aming Panginoong Hesurkisto,
Siyang nabubuhay at naghahari...

PREPASYO SA PISTA NG KRISTONG HARI

VERE DIGNUM et iustum est,
æquum et salutäre, nos tibi
semper et ubique grátias ágere:
Dómine sancte, Pater
omnípotens, ætérne Deus:

Qui unigénitum Fílium tuum
Dóminum nostrum Jesum
Christum, Sacerdótem ætérnum
et universórum Regem, óleo
exsultatiónis unxísti: ut, seípsum
in ara crucis, hóstiam
immaculátam et pacificam
ófferens, redemptionis humánæ
sacrámента perágeret: et suo
subjéctis império ómnibus
creatúris, ætérnum et universále
regnum imménsæ tuæ tráderet
Majestáti: regnum veritátis et
vitæ, regnum sanctitátis at
grátiae: regnum justítiæ, amoris
et pacis.

TUNAY NGANG MARAPAT at matuwid,
angkop at nakagagaling, sa lahat ng dako at
sandali na magpasalamat kaming lagi sa Iyo,
Panginoong banal, Amang makapangyarihan
at walang hanggang Dios.

Sapagka't pinahiran Mo ng langis ng
kaligayahan ang iyong Anak na Bugtong, si
Jesucristo naming Panginoon upang maging
Paring walang hanggan at Hari ng sansinukob;
upang sa pag-aalay ng kaniyang sarili sa
dambana ng krus bilang kalinis-linisang handog
sa kapayapaan, ay maganap Niya ang pagtubos
sa sangkatauhan at maiharap sa Iyong
Kamahalan ang isang walang-hanggang
kaharian, isang kaharian na puspos ng
katotohanan at buhay, isang kaharian na puno
ng kabanalan at biyaya, at isang kaharian na
tigib ng katarungan, pag-ibig, at kapayapaan.

Et ideo cum Angelis et Archángelis, cum Thronis et Dominationibus, cumque omni militia cælestis exercitus, hymnum glóriæ tuæ cānimus, sine fine dicentes: — **Sanctus, Sanctus, Sanctus...**

ANTIPONA SA KOMUNYON • Ps 28:10-11

SEDEBIT Dóminus Rex in ætérnum: Dóminus benedícet pópulo suo in pace.

PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

IMMORTALITATIS alimóniam consecúti, quæsumus, Dómine: ut, qui sub Christi Regis vexillis militáre gloriámur, cum ipso, in coelésti sede, júgiter regnáre possímus. Qui tecum vivit.

Kaya't kasama ng mga Anghel at mga Arkanghel, ng mga Trono at Dominasyon ay nagpupuri at sumasamba sa Iyo. Kasama nila ay ipinagbubunyi naming walang humpay ang iyong kaluwalhatian: — **Santo, Santo, Santo Panginoong Dios ng mga hukbo...**

NALUKLOK ang Panginoong Hari magpakailanman. Basbasan nawa ng Panginoon ang kaniyang bayan ng kapayapaan.

PANGINOON, tinanggap namin ang pagkain ng buhay na walang hanggan. Hinihiling namin na kaming nagmamapuring lumaban sa ilalim ng bandila ni Kristong Hari ay magharing kasama niya sa langit. Siyang nabubuhay at naghahari...

Sa Huling Ebanghelyo, ihalalili sa In principio (Sa Pasimula) ang Ebanghelyong pagbasa ng Linggong gugunitain.

Pagharap ng pari sa mga tao at pagbabasbas ng Kamahalmahalang Santisimo, yumuko ka at sambahin mo ang ating Mahal na Panginoon. Manalangin kang mataimtim. Humiling ka at humingi ng tawad.

BANAL NA PAGPUPURI • Divine Praises

Magsasalit-salit ang pari at ang bayan sa pag-uukol ng mga papuri.

PURIHIN ANG DIOS,

Purihin ang kanyang santong ngalan.

Purihin si Hesukristo, Dios na totoo at tao namang totoo.

Purihin ang ngalan ni Hesus.

Purihin ang kanyang kabanal-banalang Pusong.

Purihin ang kanyang kamahal-mahalang Dugo.

Purihin si Hesukristo sa Santisimo Sakramento sa altar.

Purihin ang Espiritu Santo, ang mang-aaliw.

Purihin ang Dakilang Ina ng Dios na si Maria Santisima.

Purihin ang kalinis-linisang paglililihi sa kanya.

Purihin ang maluwalhating pag-aakyat kay Maria, kaluluwa at katawan.

Purihin ang ngalan ni Maria, Birhen at Ina.

Purihin si San Jose, ang kanyang kalinis-linisang esposong.

Purihin ang Dios sa kanyang mga anghel at kanyang mga Santo.

PANGWAKAS • Te Decet Laus at O Sakramentong Mahal

Matapos nito, ibabalik ng pari ang ostia sa tabernakulo. Maaaring umawit ng mga himno ng papuri. Nakagawian na sa mga monghe ni San Benito na awitin ang sumusunod:

TE DECET LAUS

te decet hymnus,
tibi gloria Deo Patri et Filio,
cum Sancto Spiritu,
in saecula saeculorum. Amen.

SA'YO'Y PAGPUPURI'T PAGSAMBA

Sa'yo'y umawit nang may galak:
Sa Dios Ama at sa Anak,
Kasama ng Espiritung Banal,
Ngayon at magpakailan pa man. Amen.

O SACRAMENT MOST HOLY

O Sacrament Divine!
All praise and all thanksgiving
Be every moment thine!
Be every moment thine.

O SAKRAMENTONG MAHAL

Na sa langit buhat!
Ang puri ng kinapal,
Iyong-iyong lahat!
Iyong-iyong lahat.

TANTUM ERGO • Ikalawang Bahagi

Tutungo ang pari sa altar upang buksan ang tabernakulo at iinsensuhan ang Kabanal-banalang Sakramento. Kung nasa prusisyon naman, aawitin ito bago tumungo sa susunod na estacion. Samantala, inaaawit ang himnong ito:

TANTUM ERGO SACRAMENTUM

Veneremur cernui:

Et antiquum documentum

Novo cedat ritui:

Præstet fides supplementum

Sensuum defectui.

Genitori, Genitoque

Laus et iubilatio,

Salus, honor, virtus quoque

Sit et benedictio:

Procedenti ab utroque

Compar sit laudatio. *Amen.*

KAYA'T SA NATATANGING SAKRAMENTO

tayo'y sumamba nang nakatungo

at ang sinaunang aral

ay magbigay-daan sa bagong rito.

Ang pananampalataya nawa ang umalalay

sa kakapusan ng mga pandama.

Sa Dios Ama at sa Bugtong na Anak,

papuri't kagalakan.

Pagbati, pagpupugay at lakas

at ang pagpapala

sa Espiritu Santo rin,

ay gayunding pagpupuri. *Amen.*

Habang nakaluhod ang pari o diakono, iinsensuhan niya ang banal na Sakramento.

Matapos nito, titindig siya at aawitin o sasabihin:

V. Panem de cælo præstitisti eis.
(*T.P. Alleluia.*) *Sap. 16:20*

R. Omne delectamentum in
se habentem. (*T.P. Alleluia.*)

Oremus. — Deus, qui sub
sacramento passionis tuæ
memóriam reliquisti: tribue,
quæsumus; ita nos Corporis et
Sánginis tui sacra mysteria
venerari, ut redemptionis tuæ
fructum in nobis iugiter
sentiamus. Qui vivis et regnas in
saecula saeculorum.


R. Amen.

V. Binigyan Mo sila ng pagkaing galing sa
langit. (*P.P. Aleluya.*) *Kar. 16:20*

R. Siyang bukal ng lahat ng kaligayahan.
(*P.P. Alleluia.*)

Manalangin tayo. — O Dios, nagbigay ka sa
amin ng alaala ng iyong paghihirap sa kahanga-
hanga mong sakramento. Loobin mong sa
pamimintuho sa mga misteryo ng iyong
Katawan at Dugo, madama namin ang mga
bunga ng iyong ginawang pagtubos. Ikaw na
nabubuhay at naghahari, magpasawalang-
hanggan.

R. Amen.



ANG PAGBEBENDISYON SA KABANAL-BANALANG SAKRAMENTO

O SALUTARIS HOSTIA • Unang Bahagi

Tutungo ang pari sa altar upang buksan ang tabernakulo at iinsensuhan ang Kabanal-banalang Sakramento. Samantala, inaaawit ang himnong ito:

O SALUTARIS HOSTIA

Quae caeli pandis ostium:

Bella premunt hostilia,

Da robur, fer auxilium.

Uni trinoque Domino

Sit sempiterna gloria,

Qui vitam sine termino

Nobis donet in patria.

Amen.

HANDOG NA TAGAPAGLIGTAS

Langit sa amin nagbukás;

Pagkalooban ang Iyong angkán

Ng pananggól sa kasamaán.

Ang isang Dios ay purihin.

Tatlóng Persona ay sambahin;

Ang buhay namin ay palawigin

Hanggáng sa buhay na dárating.

Amen.

Pagkatapos, ihaharap ng pari sa tao ang ostentorio na may Katawan ni Kristo. Maaaring magkaroon ng sandaling katahimikan o kung hindi naman ay maaari din naming gamitin ang ibang mga dasal at awit na pagpupuri sa Kamahal-mahalang Banal na Sakramento.

Sa kapistahan ng Mahal na Puso ni Jesús, Cristong Hari, at tuwing unang Viernes ng buwan, dasalin ang Paghahandog ng Sangkatauhan sa Kamahal-mahalang Puso ni Hesus.

HABANG GINAGANAP ANG PRUSISYON:

LAUDES REGIÆ


Mga papuring maharlika sa karangalan ni Cristong Hari

Labat:




Si Kristo'y nagwagi! Si Kristo'y naghahari! Si Kristo'y nag-uutos!

Aawitin ng dalawang mang-aawit:



Pakinggan Mo, Kristo.

Tutugon ang koro:



Pakinggan Mo, Kristo.

SIMBAHAN ng Dios nawa'y lingapin kailanman!
Manunubos ng sanlibutan, * **tulungan mo siya.**
Santa Maria, *
San Jose, *
San Miguel, *

I. PARA SA SANTO PAPA

PARA kay Santo Papa **N.**, upang pagkaisahin ang kawan sa pananampalataya at pag-ibig; pamunuan niya nawa ang Simbahan nang may kababaang-loob at katapatan.

Tagapagligtas ng sanlibutan, * **tulungan mo siya.**

San Pedro, *
San Pablo, *
San Pio, *

San Benito, *
San Francisco, *
San Ignacio, *

Uulitin ng labat ito. Ito ang magiging gawi sa labat:

Si Kristo'y nagwagi! Si Kristo'y naghahari! Si Kristo'y nag-uutos!

Pueblo amante de María
antes que sus montes de oro,
Forman su rico tesoro
los tesoros de la cruz.

El sol de la Eucaristía
Surgió aquí tan refulgente
que a otros pueblos del Oriente
alcanzó su resplandor.

Y hoy que en su cenit fulgura
irradiando bendiciones
a esas paganas regiones
envía a beso de amor.

Hoy el orbe es volcán vivo
de mil odios y rencores,
envidias, celos traidores,
lo destrozan sin piedad.

Hostia santa que, en la noche
del mundo, fulgente brillas,
quemas esas negras rencillas
con fuego de caridad.



Aawitin ng dalawang mang-aawit:

Sumilay nawa ang mapayapang panahon.

Tutugon ang koro:

Sumilay nawa ang mapayapang panahon sa inyo,
kayong mga tinubos ng Dugo ni Kristo!

Ang dalawang mang-aawit:

Magalak kayo!

Tutugon ang koro:

Magalak kayo!

Labat:

Magalak kayo!

Aawitin ng dalawang mang-aawit:

Dumating nawa ang kapayapaan ni Kristo.

Tutugon ang koro:

Paghahari ni Kristo nawa'y pumarito na!

Labat:

Salamat sa Dios! Amen!

Habang isinasagawa ang prusisyon ng Santisimo, makaaawit ng mga himnong papuri sa Katawan at Dugo ni Cristo. Ang isa sa mga tanyag na awitin sa Pilipinas ay ang sumusunod:

HIMNO EUCARISTICO FILIPINO

Awit ng mga Pilipino para sa Banal na Eukaristiya

Letra de Emeterio Barcelón

Música del Padre Domingo Carceller, OAR

Gloria a Jesús que se encierra
en la Hostia de bendición.
¡Postraos cielos y tierra
en rendida adoración!
¡Venid, pueblos del Oriente,
naciones todas, venid.
Y en abrazo de fe ardiente
a Dios Hostia bendecid!

Hace ya cuatro centurias
que esta tierra filipina
se nutre de la doctrina
de Cristo divina luz.

II. PARA SA MGA KRISTYANONG INUUSIG

Aawitin ng dalawang mang-aawit:

Pakinggan Mo, Kristo.

Tutugon ang koro:

Pakinggan Mo, Kristo.

PARA sa mga Cristianong inuusig sa ilalim ng hagupit ng mga alagad ni Mahoma at sa pagsalakay ng kanilang hukbo; nawa'y itong hukbo ay agarang mapuksa sa balat ng sansinukob: at sa mga binyagang inuusig, itaguyod Mo nawa sila sa kapayapaan, lakas, at tibay, at pagkalooban ng buhay na walang hanggan.

Birheng Maria, sakdal makapangyarihan, * **tulungan mo sila.**

San Jose, *

San Jonas, *

Lahat kayong mga banal na Patriarka at Propeta, *

San Pedro, *

San Pablo, *

San Tiago, *

Lahat kayong mga banal na

Apostol, *

Santa Anastasia, *

Santa Maria ng Egipto, *

San Abdon at Sennen, *

San Lorenzo ng Brundisio, *

San Luis, *

San Francisco, *

San Pedro Nolasco, *

San Raymundo, *

San Eulogio, *

Santa Leocrizia, *

San Pablo at San Zoilio, *

San Teodoro, *

San Adolfo at Juan, *

San Nunilo at Alodia, *

Lahat kayong mga banal na Confesor at

Pantas ng Santa Iglesia, *

Lahat kayong mga banal na Martires, *

Labat:

Si Kristo'y nagwagi...

III. PARA SA MGA OBISPO

Aawitin ng dalawang mang-aawit:

Pakinggan Mo, Kristo.

Tutugon ang koro:

Pakinggan Mo, Kristo.

PARA sa ating Obispo na si **N.**, (at si **N.**) na ating (mga) Punong-tagapangasiwa ng Diocesis (*o* Arquidiocesis); pati ang mga pari na sa kanila'y ipinagkatiwala: kapayapaan at kabutihan ang igawad ng Poong mahabagin kailanman.

Prinisipe ng mga Apostol, * **tulungan mo sila.**

Santa Maria, *

San Miguel, *

San Andres, *

Labat:

Si Kristo'y nagwagi...

IV. PARA SA MGA PINUNO NG SIMBAHAN SA PILIPINAS

Aawitin ng dalawang mang-aawit:

Pakinggan Mo, Kristo.

Tutugon ang koro:

Pakinggan Mo, Kristo.

PARA SA ATING MGA Arsobispo, mga Obispo, at ang *Pangulo* ng Kalipunan ng mga Obispo dito sa Pilipinas, pati ang katuwang nilang mga pari; tulungan nawa sila ng Espiritu Santo upang manatili silang tapat, at buhusan ng karunungan at katibayan ng loob sa lahat ng panahon.

Santa Maria, Luklukan ng Karunungan, * **tulungan mo sila.**

Lahat kayong mga banal na Apostol, * **tulungan ninyo sila.**

Lahat kayong mga banal na Martir, *

Labat:

Si Kristo'y nagwagi...

V. PARA SA BANSANG PILIPINAS

Aawitin ng dalawang mang-aawit:

Pakinggan Mo, Kristo.

Tutugon ang koro:

Pakinggan Mo, Kristo.

PARA SA *Pangulo* ng bansang Pilipinas, mga namumuno sa bayan, at ang lahat ng mamamayang Pilipino: panatilihin at paunlarin ni Kristong Hari ang kapuluang ito sa kabanalan at pananamapalatayang Katoliko, upang sila'y mamuhay sa kalayaan Niya.

Inang Kalinis-linisan, * **tulungan mo sila.**

Santa Potenciana, *

Santa Rosa de Lima, *

San Lorenzo Ruiz, *

San Pedro Calungsod, *

Beato Antonio at San Victor, *

Beato Jose Maria de Manila, *

Beato Justo Takyama Ukon, *

San Isidro (ang Magsasaka), *

San Roque, *

San Clara de Asis, *

San Pascal Baylon, *

San Ezekiel Moreno, *

San Juan at San Facundo, *

San Ildephonso, *

San Julio (ng Toledo), *

San Isidro, *

San Leandro, *

San Fulgencio, *

San Julian (ng Cuenca), *

San Fructoso at mga kasamahan, *

San Valerio at Vicente, *

San Agustin, *

Santo Domingo, *

San Francisco, *

San Benito, *

San Scholastica, *

San Mauro at Placido, *

San Beda, *

San Gregorio Magno, *

San Pedro Celestino, *

Santa Hildegarda, *

Santa Gertrude, *

San Enrico (ang Emperador), *

Santa Cunigunda (ang Emperatriz), *

San Jacobe, *

San Fernando, *

San Herminigildo, *

San Didaco, *

Santa Eulalia, *

Santa Leocadia, *

Santa Liberata, *

Santa Justa at Rufina, *

San Cyriaco at Paula, *

San Juste at Pastor, *

San Servanda at Germania, *

San Asicle at Victoria, *

Lahat kayong mga Pintakasi ng bansang Pilipinas, *

Labat:

Si Kristo'y nagwagi...

Aawitin ng dalawang mang-aawit:

Ikaw ang aming tulong,

Tutugon ang koro:

O Manunubos naming mahal.

Aawitin ng dalawang mang-aawit:

Ika'y itinatampok namin sa lahat! **Ika'y saligan naming 'di magigiba.**

Tutugon ang koro:

Labat: **Ikaw ang aming buhay, liwanag at daan!**

Si Kristo'y nagwagi...